


# Magandang Balita !

## Suporta para sa mga bata ay hanggang ika-6 na baitang sa elementarya na!

Sa bansang Hapon ay nabibigyan ng pinansyal na suporta ang mga pamilyang may mga anak at kapos sa pamumuhay. At simula ngayong taon ay hindi na hanggang ika-3 baitang ng elementarya kundi hanggang ika-6 na baitang ng elementarya ay susuportahan.



### ● Ekstensyon ng pagbibigay ng allowance

Ang mga batang maaring makatanggap ng suporta ay hindi na hanggang ika-3 baitang ng elementarya (9 na taong gulang sa nasabing taon)kundi hanggang ika- 6 na baitang na (12 taong gulang sa nasabing taon) . Itinaas din ang antas ng kita para matulungan ang mga pamilyang nahihirapan sa pagpapalaki ng mga bata

### ● Bagong aplikante para sa suporta ay dapat ipasa ang mga kasulatan para sa proseso

Para sa mga bagong aplikante para sa suporta ng bata ay dapat kumpletuhin ang mga iba pang papeles para sa proseso,kagaya ng sertipikasyon ng pagbabago ng allowance at iba pa sa city hall. Ang mga dating tumatanggap na ng allowance ay hindi na kailangang magpasa ng mga kasulatan.

### ● Para sa mga hindi nakapasok noong isang taon tingnang muli ang bagong income level.

Ang bagong bracket income level ay tumaas kaya muling tiyakin kung kayo ay maaring makapag-apply, at humingi ng sertipikasyon ng pagtanggap ng suporta .

### ● Kailangang mga dokumento para sa sertipikasyon ng pagtanggap ng suporta.

Kopya ng health insurance certificate

Sertifiko ng kita/income (kung kayo ay hindi nakatira sa nasabing bayan mula Enero 1 ngayong taon)

Para sa iba pang detalye magtanong lamang sa inyong city hall.


### ● Buwanang allowance

Ang buwanang allowance ay depende sa bilang ng anak.

Para sa panganay na anak . . . ¥5,000

Para sa ikalawang anak . . . ¥5,000

Para sa ikatlong anak at sumunod pa . . . ¥10,000



### ● Ang pagbibigay ng allowance ay hinahati ang buong halaga sa tatlong beses isang taon.

Ang suporta para sa apat na buwan ay ibinibigay sa buwan ng Febrero, Hunyo at Octubre.

### ● Itinaas ang income bracket level.

Sariling negosyo o trabaho – hindi hihigit sa M¥ 5,963 → (bago) hindi hihigit sa M¥7,800

Empleyado - hindi hihigit sa M¥7,800 → (bago) hindi hihigit sa M¥8,600

# 512 cases

## Bilang ng humingi ng payo sa taong 2005

Ang Fujimino International Cultural Exchange Center ang siyang advisory center para sa mga banyaga sa Fujimi-shi, Fujimino-shi, Miyoshi-machi at malapit na iba pang bayan mula 2001. Mula ng itinayo ito ay maraming banyagang nasyonal ang dumulog para magkunsulta at humingi ng payo. At ngayong taon ay umabot ang bilang sa 512 na kasong humingi ng pagpapayo. Ginagawa namin ang aming makakaya para makatulong sa mga banyagang naninirahan sa ating komunidad

Ang ilan sa mga malimit na problema:

Una: Problema sa eskuwelahan - kagaya ng paggawa ng kasulatan para sa mga magulang ng batang ipapasok sa eskuwela, pagtuturo ng Nihonggo sa mga batang banyaga sa eskuwelahan, pagpapayo kung paano maipapasok ang bata sa day nursery, kindergarten, o eskuwelahan at iba pang problema

Pangalawa: Suporta para sa pag-aaral ng Nihonggo, pagsasalin sa ibang wika at iba pa.

Pangatlo: Pagpapatulong sa pagpunta sa ospital, pagpapayo sa pagpapagamot, gastusin sa panganganak at iba pang problema

Libre ang pagbibigay ng payo sa center at makakaasa kayong ang inyong pag-uusap ay confidential. Dumarami ang bumibisitang banyagang may iba't ibang problema. Inaanyayahan namin kayo sa center at sana ay makatulong kami para sa mas kaaya-ayang pananatili sa bansang Hapon.

### Pagpapakilala ng inyong bansa • •

#### Inaanyayahan mga banyagang volunteers!

Inaanyayahan ng Saitama International Association ang mga banyagang nasyonal na magparehistro bilang volunteer staff sa mga ebento sa eskuwelahan at public halls.

Pagpapakila ng inyong bansa at kultura

Palaro, Sayaw, Kasuutan, at iba pa ukol sa inyong kultural Ayon sa nakatalagang tema Kasama ninyo ang iba pang Japanese volunteers at staff. Gawain:

Pagpapaliwanag sa Nihonggo

Pagpunta sa eskuwelahan kasama ang Japanese volunteer

Ipapaliwanag sa inyo ang mga gagawin

Kabayaran bilang pasasalamat ay ¥6,000 (kasama ang transportasyon)

Katanungan: Saitama International Association

Tel 048-833-2992

### ● Mag-ingat sa pekeng part-time na trabaho!

Marami ang humihingi ng payo ukol sa panlolokong nagaganap sa Fujimi-shi. Maraming misis ang nagnanais magtrabaho para makatulong sa gastusin ng kanilang pamilya. Subalit dumarami ang mga balitang panloloko kagaya:

Adbertismo ng malaking sahod, trabaho sa computer, bumili ng pc pero wala namang trabaho.

Mataas na bayad sa pagpapayo para sa trabaho subalit maliit o walang natanggap na sahod

Adbertismo ng malaking bayad sa pagbibigay ng mga fliers subalit walang natanggap na bayad.

**Mag-ingat lamang sa mga ganitong panloloko at humingi ng payo sa kakilalang Hapon.**

Paunawa at Koreksyon May issue, tungkol sa National Act – 'Kung ang ina ng bata ay nasyonal ng Hapon' ay dapat 'Kung ang ama o ina ng bata ay nasyonal ng Hapon'